Pagbabakuna sa Bahay ng COVID-19 ay Magagamit (Available) Na ng mga Residente ng LA County na Hindi Nakakalabas ng Bahay

Maaari ba akong lumahok?

Karapat-dapat ka kung nahihirapan kang umalis ng ligtas sa iyong bahay nang mag-isa upang mabakunahan laban sa COVID-19.

Mag-sign up:

Ang iyong mga sariling referral at mga referral mula sa mga organisasyon, ahensya, tagapagbigay
(providers), tagapag-alaga, miyembro ng pamilya, at mahal sa buhay ay malugod na tinatanggap!

- Maaari kang humiling ng pagbabakuna sa bahay sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang online form (tingnan sa ibaba)

https://tinyurl.com/drr4kh3k

Hawakan at itutok ang kamera sa kuwadrado para pumunta sa webpage

- O sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: 1-833-540-0473 (8:00 ng umaga - 8:30 ng gabi, 7 araw sa isang linggo) o i-dial ang 2-1-1 para humiling ng isang pagbabakuna sa bahay. Maraming wika ang magagamit (available).

Magpabakuna, manatiling protektado

Ang lahat ng mga bakuna sa COVID-19 (Pfizer, Moderna, Johnson & Johnson) ay napatunayang ligtas at mabisa sa pagprotekta sa iyo para di magkasakit.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga pagbabakuna sa bahay, mga pagpipiliang transportasyon, o tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 sa pangkalahatan, mangyaring tumawag sa Pampublikong Kalusugan (Public Health) sa 833-540-0473 o bisitahin ang aming website sa VaccinateLACounty.com.